# Lakas ng Loob mula sa Ama upang Makapagpatuloy

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang tradisyong natutunan mo sa iyong mga magulang na nais mong ituro sa iyong mga anak?
- Magkuwento tungkol sa isang bagay na hindi mo pag-aari na ipinagkatiwala sa iyo (halimbawa: aso, mamahaling bagay, tahanan). Paano nito binago ang paraan mo ng pangangalaga sa bagay na ito?
- Naranasan mo na bang gumawa ng apoy para sa pag-ihaw o ng siga? Naging matagumpay ba ang paggawa mo nito?

## WORD

*Kaya huwag kang mahihiyang magpatotoo tungkol sa ating Panginoon o tungkol sa akin na bilanggo dahil sa kanya. Sa halip, sa tulong ng Diyos, makibahagi ka sa mga paghihirap dahil sa Magandang Balita.* **2 TIMOTEO 1:8**

(Basahin din ang **2 TIMOTEO 1:5–14.**)

Si Pablo ay dumaan sa maraming mga paghihirap habang isinasakatuparan niya ang misyon ng pangangaral ng ebanghelyo. Ang mga ito ay naging dahilan ng pagkawala ng suporta sa kanya at sa kanyang misyon ng ibang tao. Subalit ang pag-asa sa Diyos habang pinagdadaanan niya ang mga pagsubok na ito ay nagbigay sa kanya ng kakayahang makapagbigay ng mga mahahalagang aral sa sumunod na henerasyon. Sinulat niya ang liham na ito para kay Timoteo, ang batang pinuno ng iglesya sa Efeso. Hinimok niya si Timoteo na magpakatatag at magtiis. Minsan, ang mga paghihirap na dala ng pagsasagawa ng misyon ng Diyos ay maaaring pumigil sa atin sa pagsulong. Ano ang sinabi ni Pablo kay Timoteo at ano ang matututunan natin mula dito?

## 1 Si Timoteo ay pinamanahan ng pananampalataya.

*Hindi ko makakalimutan ang tapat mong pananampalataya tulad ng nasa iyong Lola Luisa at ng iyong inang si Eunice, at natitiyak kong nasa iyo rin ngayon.* **2 TIMOTEO 1:5**

Si Timoteo ay nagmula sa isang maka-Diyos na pamilya. Sinabi ni Pablo na ang ina at lola ni Timoteo ay may tapat na pananampalataya, at naniniwala siyang ipinasa nila ito sa kanya. Umasa si Pablo sa pananampalatayang ito upang matulungan si Timoteo na magpatuloy kahit na pakiramdam niya ay susuko na siya. Bagama't hindi lahat sa atin ay napamanahan ng ating pamilya ng ganitong pananampalataya, lahat tayo ay tumatanggap ng pananampalataya at pagsunod na nagpasalin-salin sa buong kasaysayan. Sa bawat mananampalataya, may taong nagbahagi ng ebanghelyo. Dahil sa pananampalatayang ito, magagawa nating magtiis dala ang kaalamang ang pag-asa natin ay nasa Diyos. Paano mo unang narinig ang ebanghelyo?

## 2 Si Timoteo ay nakatanggap ng handog ng Banal na Espiritu.

*6 Dahil dito, pinaaalalahanan kita na lalo ka pang maging masigasig sa paggamit ng kakayahang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos, na tinanggap mo nang patungan kita ng kamay.*
*7 Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng kaduwagan, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at disiplina sa sarili.*
**2 TIMOTEO 1:6–7**

Hinimok din ni Pablo si Timoteo na maging matatag dahil nasa kanya ang ipinagkaloob ng Diyos na Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay nasa mga mananampalataya, at Siya ay hindi *espiritu ng kaduwagan*, kundi *espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at disiplina sa sarili*. Ito ang dahilan kung bakit magagawa nating maging matatag sa oras ng mga paghihirap: Nasa atin din ang Banal na Espiritu, at Siya ay hindi espiritu ng kaduwagan. Paano ka natulungang maging matatag ng handog ng Banal na Espiritu? Paano mo pa ito mapag-aalab?

## 3 Si Timoteo ay nakatanggap ng tawag na ipangaral ang ebanghelyo.

*[9]Iniligtas at tinawag tayo ng Diyos para maging kanya, hindi dahil sa ating mga gawa kundi ayon sa layunin at biyaya na ibinigay sa atin ni Cristo Jesus bago pa nagsimula ang mundo. . . . [14]Sa tulong ng Banal na Espiritu na nasa atin, ingatan mo ang tamang aral na ipinagkatiwala ko sa iyo.* **2 TIMOTEO 1:9, 14**

Ipinaalala ni Pablo kay Timoteo na siya ay iniligtas ng biyaya ng Diyos at tinawag para sa Kanyang walang hanggang layunin. Sa talata 14, sinabihan niya si Timoteo na *ingatan ang tamang aral na ipinagkatiwala* sa kanya*, sa tulong ng Banal na Espiritu* na nasa kanila. Tayo rin ay iniligtas ng Diyos at tinawag para sa Kanyang misyon. Ang mabuting binhi—ang ebanghelyo—ay ipinagkatiwala rin sa atin. Kabilang dito ang pagtiyak na ang ebanghelyo ay maririnig at mauunawaan ng mga taong binabahaginan natin, at na maipapahayag din nila ito nang tama sa iba. Ayon sa Mateo 28:19, ano ang tinawag tayo ni Cristo na gawin?

## APPLICATION

- Tayo ay may balon ng kapangyarihan na pinaghuhugutan: Kahit pa umabot na tayo sa pinakahangganan natin, ang Diyos ay hindi kailanman darating sa puntong ito. Paano mo magagawang sumalok mula sa walang hangganang balon ng kapangyarihan ng Diyos araw-araw?
- Binigyan tayo ng katiyakan na magagawa nating ipangaral ang ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng sarili nating kakayahan. Dala ang kaalamang ito, paano mo maipapangaral ang ebanghelyo sa iyong mga kapamilya at kaibigan na hindi pa nakakakilala kay Cristo?
- Mayroon ka bang kakilala na kailangang mabigyan ngayon ng lakas ng loob? Paano mo magagawang manalig kasama niya sa kabila ng mga pinagdaraanan mong pagsubok?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pamanang pananampalataya at sa kaloob ng Banal na Espiritu na nagiging dahilan kung bakit nakakapagtiis ang isang mananampalatayang dumaranas ng paghihirap. Pasalamatan Siya sa kaligtasan at tawag na tinanggap natin mula sa Kanya.
- Ipanalangin na sa piling ng Banal na Espiritu, magawa mong pangalagaan ang ebanghelyo na ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo. Ipanalangin na hindi ka aasa sa sarili mong lakas kundi sa kalakasan ng Diyos.
- Ipanalangin na ang pamanang pananampalataya kay Cristo ay patuloy na maipasa sa mga susunod na henerasyon.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph